タガログ語

# Mga Kailngan sundin ng Batang Iwata

## 1． Pagpasok sa paaralan



●Sumunod sa oras ng pagpulong at oras sa pagpasok sa paaralan。

●Sa pag-uwi kasama ang grupo at sumunod sa patakaran ng trapiko。

●Para sa kaligtasan, ay maglakad sa itinakdang ruta ng daan tuwing papasok sa paaralan at pag-uwi。

●Bumabati at Magbigay galang sa mga guro at sa mga tao sa purok at mga kaibaigan

## 2． Kasuotan

●Pagpasok sa paaralan at sa pag-uwi ay kailangan suot ang yellow na sumbrero.

●Kapag naka sibilian na damit ay kailangan naka pin ang NameTag (I.D)sa damit at sa pag-uwi ay tatanggalin ang I.D. at iiwan lamang ito sa paaralan.

●Bawal ang sapatos na may takung.Sa loob ng paaralan, ay kailanga suot ang indoor shoes.

●Sa P.E subject kailangan magsuot ng P.E. Uniform (T-shirt & short pants) at reversible cap red/white。

※Depende sa panahon at estado ng kalusugan ay hindi kinakailangan magsuot ng Uniform.



●Sa loob ng gym, kailangan magsuot ng gym shoes。

●Sa klase ng swimming, magsuot ng navy blue o itim na swimsuit at magsuot ng sumbrero ng itinalagang grado。 Sa likod ng swimsuit ay lagyan ng puting tela nakasulat ang pangalan. Ang swimming cap ay sulatan din ng pangalan。

●Para sa kaligtasan ng mag-aaral, Ipinagbabawal ang magsuot ng scarf sa taglamig.Maaaring magsuot ng guwantes/gloves

## 3． Pamumuhay sa paaralan



● Ugaliin ang pagbati sa lahat ng tao nang may kagalakan.。

●Para sa kaligtasan, palaging mag-ingat, huwag magtatakbo sa loob ng silid-aralan, hallway (pasilyo), hagdanan at ipinagbabawal ang pagsigaw。

●Sundin ang iskedyul ng klase,pakinggan ang kada bell para sa mga eskedyul。

●Pagbutihin ang paglinis na tamik hanggang matapos ang gawain.。

●Kapag mayroon pahayag mula sa broadcast ay kailangan tumahimik at makinig sa pahayag.

●Huwag ilabas ang mukha at kamay sa bintana at huwag magtapon ng anumang bagay sa bintana。

## 4． Kapag lumabas upang maglaro

- Siguraduhing sabihin sa magulang kung saan pupunta,kung sino ang kasama at kung anong oras uuwi。



- Igalang ang mga panuntunan sa trapiko at maglakad ng may pag-iingat.。
- Laging magsuot ng helmet kapag sumakay ng bisikleta。
- Kapag pupunta sa paaralan para maglaro, ipinagbabawal ang pagdala ng mga sweets o juice. I-park ng maayos ang bisikleta sa tamang lokasyon (malapit sa gate o may gilid ng Shiminkan)。
- Hindi maaring mag-isa ang bata sa pagpunta sa distrito ng paaralan。
- Sundin ang patakaran ng oras sa pag-uwi galing sa paaralan。
  Kapag naglalaro sa labas, kailangan itigil ang paglalaro at umuwi sa tamang oras ayun sa nakasulat sa ibaba。

## 5． Karagdagan

- Ang mga bagay na hindi kinakailangan para sa pag-aaral ay pinagbabawal dalhin sa paaralan.
- Isulat ang iyong pangalan sa lahat ng mga gamit.
- Bawal humiram at makipagpalitan ng gamit..
- Kapag ang lahat ay nagpunta sa isang lugar upang maglaro dapat sundin ang mga patakaran.
- Huwag sumama sa mga estranghero o hindi kilala.